

PROLOGUE

October, 1982...

“Walanghiya ka! Wala kang utang-na-loob!” Isang malakas na sampal ang pinadapo ni Don Severino sa pisngi ni Milagros.

“Papa, tama na po. Patawarin n’yo ako,” lumuluhang sambit ng dalaga, sapo ang nasaktang pisngi.

“Patawarin? Ito ang bagay sa iyo, suwail na anak!”

“Papa! Tama na!” Isa pa sanang sampal ang dadapo sa pisngi ni Milagros kung hindi sa pagawat ni Ernesto na noon ay kararating lang galing sa simbahan kasama ang kanyang mag-ina. Si Kyle na limang taong gulang noon ay nakamasid lamang sa dinatnang tagpo.

“Ano ba’ng nangyari? Bakit sinasaktan n’yo si Milagros?” Hindi malaman ni Ernesto kung paano aaluin ang kapatid.

“Iyang walanghiya mong kapatid! Nagpabuntis sa isang lalaking may asawa!” galit na sagot ng don.

“Wala ka nang idinulot sa akin kundi puro problema, puro kahihyan!” baling nitong muli sa anak na babae.

“P-Papa, p-patawarin n’yo ako...”

“Lumayas ka, Milagros! Lumayas ka ngayon din dito!”

“Papa, you can’t...”

“Wag kang makialam dito, Ernesto!” putol ng don sa anumang sasabihin ng anak.

“Wag po, Papa, maawa kayo sa akin! ’W-wag n’yo kong paalisin dito. Wala akong ibang pupuntahan.”

“Wala akong pakialam saang lupalop ka man ng mundo magpunta. Hindi mo na ako binigyan ng kahihyan. Magmula ngayo’y hindi ka na kabilang sa pamilyang ito!” sigaw nito.

“Papa, hindi mo maaaring gawin ito kay Milagros. Kapatid ko siya!” tutol ni Ernesto.

“Hindi mo siya kapatid! Isa lang siyang ampon!”

Awa sa sarili at galit sa ama at kay Ernesto ang nagtulak kay Milagros upang sumbatan ang ama.

“Hindi n’yo na dapat pang ipagsigawan iyan, Papa! Alam ko kung ano ako rito.” Kuyom ang mga

palad na hinarap nito ang ama. “Magmula nang dumating dito ang lalaking iyan ay nakalimutan n’yo na ako. Puro na lang si Ernesto ang pinahahalagahan n’yo. Walang magaling, walang matalino kundi si Ernesto! Kasalanan n’yo kung bakit ako nagkaganito, Papa!”

“Lumayas ka! Hindi kita kailangan dito!” Kinaladkad ng don ang dalaga palabas ng pinto. Dahil sa lakas ng pagkakatulak ng matanda, na-out of balance ang dalaga at tuluyan sanang babagsak sa lupa kung hindi naagapan ni Ernesto.

“Bitiwan mo ako! Mang-aagaw!” sigaw ng babae.

“Milagros...”

“Inagaw mo’ng lahat, Ernesto.” May poot sa tinig ng dalaga habang sinasabi ang mga katagang iyon.

Hindi maiwasan ni Ernesto ang mahabag sa itinuturing na kapatid. Ang akala niya ay maayos na ang samahan nila. He did not have a clue that his sister harbored feelings of resentment and hate for him.

Nang araw na iyon, bitbit ang ilang mga gamit, nilisan ni Milagros ang mansion.

1

Twenty-three years later...

“Ate Ella!” pagulat na pukaw ni Samantha sa babaeng engrossed sa ginagawa sa computer.

“Ay kabayong bakla!” gulat na sabi nito.

Hindi napigilan ni Samantha ang mapahagikgik sa sinabi ng nakatatandang babae. Ugali na niya ang gulatin ito sa tuwing magagawi siya sa opisina nito sa fourth floor ng building na iyon.

“Ano ka ba namang bata ka? Palagi mo na lang akong ginugulat!” sita ni Ella.

“Over ka naman, Ate Ella. Masyado ka lang seryoso diyan sa ginagawa mo kaya hindi mo narinig na pumasok ako,” pangangatuwiran niya. Ni hindi mawala sa mga labi niya ang ngiti.

“Ano ba ang kailangan mo?”

“Alas doce na po. Tara na at kumain na tayo,” aya niya sa kaibigan.

“Mauna ka na sa canteen, aayusin ko lang ang mga gamit ko. Hintayin mo na lang ako,” sabi ni Ella.

Masayang lumabas na si Samantha ng opisina nito. Dalawang buwan pa lamang siya sa *Vistella Engineering and Construction Company*. Nakilala niya si Ella nang minsang utusan siyang magdala ng ilang dokumento sa opisina nito.

Isa siyang accounting clerk at ito naman ang sekretarya ng manager ng engineering department. Madali silang nagkapalagayan ng loob. Parang isang kapatid ang turing ni Ella sa kanya at ito naman ay itinuring niyang parang isang ina.

Sa katagalan ay nagawa ni Samantha na ipagtapat dito ang nakalakhan niyang buhay. Nagkaisip siyang walang kinagisnang ama at tanging ang lola lamang ang nag-aruga sa kanya. Ang kanyang ina naman ay malayo ang loob sa kanya at palaging galit kapag nakikita siya, bagay na labis niyang ipinagtataka.

Ang pangungulila niya sa pagmamahal ay pilit niyang tinatakpan ng mga ngiti at biro. Ang kaibigan ang naging sandigan niya sa mga panahong nalulungkot siya.

“Ate Ella, totoo ba ang balita?” tanong ni Samantha sa kaibigan sa pagitan ng pagnguya. Sa katapat na fastfood restaurant siya nag-ayang kumain at hindi sa canteen.

“Ano namang balita?”

“Narinig ko kasing pinag-uusapan ng mga officemates ko na magretiro na daw si Mr. Villaruz?”

Ang tinutukoy niya ay walang iba kundi ang may-ari at kasalukuyang CEO ng kanilang kompanya. Sa pagkakaalam nilang lahat ay nasa mid-fifties pa lang ito. Marami na rin siyang narinig mula sa mga kaopisina na ito at ang asawa nito ay likas na mababait sa kabila ng pagiging mayaman.

“Sabi pa nila, ’yung anak na daw ni Sir ang hahawak ng kompanya,” kuwento pa niya.

“Narinig ko na rin iyan. Tinanong ko si Mr. Silverio at totoo daw,” sabi ni Ella na ang tinutukoy ay ang mismong boss nito na tumatayong manager ng engineering department.

“Nagpauna na raw si Sir noong huling meeting nila. Si Boss Derrick na nga ang hahawak ng kompanya.”

“Boss Derrick? ’Yun pala ang pangalan niya. Nakita mo na ba siya?” tanong niya matapos mapangalahati ang iniinom na softdrink.

“Once lang, noong binatilyo pa lang siya. Bago rin lang ako sa *Vistella* noon. Balita ko’y sa abroad

na niya ipinagpatuloy ang pag-aaral niya. Sabi pa ni Boss, licensed Civil Engineer na raw iyon ngayon. And take note, top notcher pa sa board exam,” pagbabalita ni Ella. Nakita nito ang paghanga sa mga mata ni Samantha.

“Huwag kang mag-alala, sabi ni Mr. Silverio, baka daw next week ay opisyal nang i-announce ni Sir ang retirement niya at malamang, ipakilala na rin sa atin ang bago nating CEO,” dagdag pa ni Ella pagkuwa’y inubos na nito ang natitira pang pagkain sa plato. “Tapos ka na ba?”

“Oo, tara na,” aya na lang ni Samantha.

“How do you find the company? Do you think you can handle everything?” tanong ni Mr. Villaruz sa kaisa-isang anak. Kasalukuyan silang nasa opisina ng matanda. Katatapos lang nilang maglibot sa buong kompanya, itinaon nilang breaktime upang walang empleyadong makakita sa kanila.

“Dad, I can handle this. Para ano pa’t sa States n’yo ‘ko pinag-aral kung wala kayong bilib sa akin!” kunwari ay may hinampong muling tugon ni Kyle sa ama.

Matamang tinitigan ng ama ang binata. “I’m

proud of you, Anak. Kami ng mommy mo. And I'm very sure na kung nasaan man ngayon ang lolo mo, he's also very proud of your achievements."

May bahagyang lungkot na sumagi sa puso ni Kyle pagkaalala sa abuelo. It was almost two years nang mamatay ito dahil sa aneurism. He was very close to his grandfather and when he died, it seemed a part of him died, too.

"Pero nagtataka lang ako, Dad, bata pa kayo. You're only fifty-eight. Why do you have to retire this early?" pag-iiba niya sa usapan.

"I've given my whole life to this company, not that I'm complaining. Mahalaga sa akin ang kompanyang ito, Kyle. You're right, I'm not too old yet to retire but I'm not that young either. Gusto ko namang i-enjoy ang natitira ko pang lakas sa piling ng mommy mo. God knows I haven't given her much time mula nang hawakan ko itong kompanya," paliwanag nito.

"Well, that's good enough reason for me. I know Mom will be very happy with your decision. Huwag kang mag-alala, Dad, I'll handle everything fine. Saka, hindi ka naman totally mawawala sa kompanya. You'll still be a consultant here."

"Tama ka diyan. So, what's your plan now?"

tanong nito. He was looking outside the window. Inookupa ng *Vistella* ang una hanggang sa ikaapat na palapag ng gusaling iyon sa Makati. Mag-a-alas cinco na ng hapon. Ilang minuto pa at mag-uumpisa nang mag-uwian ang mga empleyado. Mula sa kinalalagyan ay tanaw nito ang unti-unting pagsisikip ng trapiko sa magkabilang daan.

“Well, I’d like to review some of the previous projects, for a start. Kung maaari sana’y huwag n’yo munang sasabihin sa mga tauhan natin na narito na ako. I’d like to make some rounds of my own and observe a bit. And I can only do that kung hindi nila ako kilala.”

“Sige, kung iyan ang gusto mo. Well, it’s already five o’ clock. I think I’ll go home early. Nami-miss ko na ang luto ng mommy mo.” Iyon lang at inayos na nito ang mga gamit at tumungo sa pinto. “How about you?” muling lingon nito sa kanya.

“Mamaya na ako. I’ll stay for a while. Tell Mom I’ll be late.”

“Okay, but not too late. Alam mo naman ang mommy mo,” paalala nito.

“Yeah, she treats me like an eight-year-old,” pagsusumbong ng twenty-eight years old na binata.

“Well, you can’t blame her. You’re her only son,” natatawang sabi ng ama. “So, mauna na ako sa iyo,” paalam nito.

“Ingat ka, Dad,” he said and watched his father go out of the room. Napabuntong-hininga siya at muling itinuon ang atensyon sa labas. Natutuwa siya para sa mga magulang. Their love for each other still showed despite being married for many years. At hindi miminsang naging saksi siya sa mga pagkakataong para itong mga bagong kasal kung maglambingan. At nahiling niyang sana ay maging ganoon din ang kanyang buhay may-asawa.

Palabas na ng building si Samantha nang makapang wala ang cellphone sa bag.

Naiwan ko yata sa drawer. She groaned in frustration nang maalalang sira nga pala ang elevator at kasalukuyang ginagawa. Kailangan pa niyang umakyat sa hagdan para marating ang second floor. Lakad-takbo ang ginawa niya dahil mahihirapan na naman siyang makasakay kung hindi siya magmamadali. Pinag-overtime kasi siya nang hapong iyon kaya inabot siya ng ganoong oras.

As she rounded the corner to the next plight of

stairs, dahil sa pagmamadali ay hindi niya napigilang bumunggo sa isang malapad na bagay.

“Whoa! Easy!” Instinctively, the man put his hands around her waist to steady her.

Oh my God! Napigil sa lalamunan ni Samantha ang anumang sasabihin sa walang-ingat na lalaki nang mapagmasdan niya itong mabuti. Standing in front of her was the most gorgeous man she had ever laid eyes on. Sa taas niyang 5’5” ay hanggang baliklang siya nito. Sunog sa araw ang balat nito. His eyes, the color of midnight, ay binagayan ng makakapal na pilikmata. His wavy hair na ang dulo ay bahagya nang umabot sa collar ng suot nitong polo shirt ay kasingitim ng mga mata nito. Matangos ang ilong nito, a little crooked at the middle pero hindi halata. And his lips? He had lips na hindi nakakasawang halikan. Bigla siyang natilihan sa tinatakbo ng isip. Paano niya nasabi iyon gayong hindi pa niya nararanasang mahalikan! She blushed at the thought.

The man was wearing a *Gucci* polo shirt in pale yellow and a *Levi’s* jeans that hugged his muscular hips and thighs. Her gaze moved to his chest. Malapad ang dibdib nito. No wonder, muntik na siyang matumba. Kung hindi dahil sa mga kamay nitong nakahawak pa rin sa balakang niya...

“Let go of me!” biglang nasabi niya.

“Okay, take it easy! Takpan mo na iyang bibig mo.” Binitiwang nito ang balakang niya. It was only then that she realized she was looking at him with her mouth partly open. It made her blush.

“How dare you!” namumulang bulyaw ni Samantha.

“Hey! You’re the one who bumped into me!” naiirita nang sabi nito.

“I did not!” tanggi niya.

“Yes, you did. And on top of that, you’re ogling at me as if I’m a specimen under a microscope,” the man said. His dark eyes suddenly lit with amusement and gone was the irritated look. Hindi man nakikita ni Samantha ang sarili, alam niyang pulang-pula na siya.

“I was not ogling at you. I was just—”

“You just what?” His expression urged her to go on.

Mabilis siyang nagbawi ng tingin. “Y-yes, I was only looking!” kandautal na paliwanag niya

“You just looked?” nakangising sabi nito. His lips

formed a very sexy smile. “What difference does it make?”

“Okay! Okay! So I ogled, and I’m sorry! Satisfied?” Akma na siyang aakyat muli ng hagdan nang tawagin siya nito.

“Wait!”

“What?”

“You haven’t said you’re sorry for bumping into me.”

Grr! Samantha counted from one to ten para kalmahin ang sarili. “I’m sorry!” pagalit niyang sabi.

“You don’t sound sorry to me.” The guy was teasing her at nararamdaman niya iyon.

“You’re impossible! Diyan ka na nga!” Nakakailang hakbang pa lang siya nang muli itong magsalita.

“Have dinner with me!” pahabol nito.

“Ano?” manghang tanong niya. Nobody ever invited her to dinner before. Not that she cared. Pero mabilis ang lalaking ito. Inakyat nito ang ilang baitang na pagitan nila.

“I’m starving at ayoko namang kumaing mag-isa so I’m asking you to join me.”

“Hello? Mister! We’re strangers and I don’t—”

“Kyle,” putol nito sa sasabihin niya, sabay lahad ng isang palad.

“Ano?”

“My name’s Kyle. Kyle Sta. Ana.”

Tinitigan ni Samantha ang palad nitong nakalahad sa kanya. Long fingers, calloused palms; this man knew hard work. Wala siyang makitang wedding ring. Magandang senyales ba iyon? Utos ng kagandahang asal ay tinanggap niya ang pakikipagkamay nito.

“S-Samantha Pelaez.” Parang tambol sa bilis ang tibok ng puso niya sa simpleng pagdadaop ng kanilang palad. Hindi rin niya napaghandaan ang mumunting kuryenteng nanulay sa kanyang buong katawan. Kaagad niyang binawi ang kamay. Those sensations were new to her!

“Now that we’ve introduced ourselves, we’re not strangers anymore so wala ka nang dahilan para tanggihan ang alok ko,” parang balewalang sabi nito.

Biglang napatawa si Samantha nang ma-realize kung paano siya naisahan ng lalaki.

“Ibang klase ka rin, ha? Hindi ka ba natatakot sa akin?” biro niya.

“Now that you’ve mentioned it...” Pinasadahan siya nito ng tingin. “Nah, hindi ka naman mukhang rapist. I think my virtues are perfectly safe with you.”

Muli na naman siyang napatawa. “You’re driving me crazy.” Hinawakan siya ng binata sa may siko. Again, she felt the strange jolt of electricity. “Hindi pa ako pumapayag sa imbitasyon mo.”

Tinitigan siya ng binata. His eyes seemed to grow a shade darker every minute. At hindi niya maiwasang kabahan sa paraan ng pagtitig nito. Parang binabasa nito ang buong kaluluwa niya.

“Well, don’t you want to eat with me?” tanong nito. Hindi nakakibo si Samantha.

“Just as I thought. Nobody could say no to my charms!” pagmamayabang nito. Nakapagtataka, pero hindi niya maramdamang nayayabangan siya rito.

“Conceited!” kunwa ay naiinis na puna niya.

Tinawanan lamang siya ni Kyle. “Let’s go!” Iginiya siya ng binata pababa, papunta sa parking lot ng nasabing building.

She found no strength to resist him. Isang magarang kotse ang sinakyan nila. Hindi man eksperto, alam ni Samantha na hindi biro ang halaga

So Wrong, So Right - Doreen Laroya

niyon.

2

Kyle could not suppress his smile no matter how he tried. He was surprised with his reactions to her. Nawili siyang pag-aralan ang ilang mga naging proyekto ng kompanya kaya inabot siya ng alas ocho sa opisina. Pababa na siya ng hagdan at pauwi na rin sana nang makabunggo niya ang humahangos na dalaga.

Sa una ay nairita siya sa pagtitig nito. She was no different from the women he knew na kulang na lang ay lamunin siya nang buo sa paraan ng pagtitig. Sanay na siya sa ganoong reaksyon ng mga kababaihan. Pero ang paraan ng pagtitig sa kanya ng dalaga ay nagpa-conscious sa kanya. Kung bakit ay hindi niya alam. Maybe because she stared at him, her wide eyes with innocent fascination.

And the way she laughed was very sexy. He never realized he could be mesmerized with a woman's laughter. Not until he met Samantha.

“So, sa *Vistella* ka rin pala nagtatrabaho. Saang department ka naman assigned?” tanong ni Kyle sa katabing dalaga. Nasa kahabaan na sila noon ng EDSA.

“Sa Accounting. Pero dalawang buwan pa lang ako sa *Vistella*. Ikaw?”

“Sa Engineering Department. Bago rin lang ako. Eh, saan ka naman nakatira?” muling tanong niya. He gave her a sideward glance and saw the shadow of a smile.

“Why do you want to know?” nangingiting tanong nito.

He was again mesmerized by her smile. She was really cute.

“When I’m with a beautiful woman, I make it a habit to know her better,” makahulugang sabi niya. Nakita niyang namula ang dalaga sa tinuran niya.

“Sa may Parañaque. And please don’t ask me the exact address. I won’t tell you,” parang batang sagot nito. Her lips formed a pout and that made him laugh.

“Okay, I won’t. Well at least not now.” Kyle paused. “How about your parents? Kasama mo ba sila?” Napansin niyang biglang nanahimik ang dalaga sa tanong niya. Ibinaling nito ang tingin sa labas ng bintana.

“Sam? May nasabi ba akong masama?” nag-aalalang muling tanong niya.

“H-hindi. It’s just that I never knew my father. Lola ko ang nagpalaki sa akin. But she died last year. Kabababang luksa ko lang.”

There was so much loneliness in her voice that he regretted asking the question.

“I’m sorry,” aniya.

Napangiti si Samantha. “Don’t be. Hindi lang naman ako ang ganito. Masuwerte pa nga ako dahil kahit paano, may mama pa naman ako.”

Napansin ni Kyle na hindi umaabot sa mga mata ang ngiti nito. He could not help the feeling of wanting to take all her pains away. Sandaling katahimikan ang namagitan sa kanila bago siya muling nagsalita.

“I also lost my grandfather two years ago. And I still miss him. Hanggang ngayon, hindi ko pa rin matanggap na wala na siya.” Unang pagkakataon iyon na sinabi niya ang nararamdaman tungkol sa pagkamatay ng abuelo. Hindi rin niya maintindihan ang sarili. Ilang minuto pa lamang silang magkakilala ng dalaga pero magaan na ang loob niya rito. Maybe the knowledge that they had shared the same pain of losing someone they love made it easier for him to open up.

“We all grieve for someone we loved and lost.

Pero naniniwala akong nasa paligid lang ang lola ko at hanggang ngayon, binabantayan pa rin niya ako dahil mahal niya ako. If your grandfather loved you enough, then hindi rin siya tuluyang nawala sa iyo.”

What Samantha said was an age-old truth na narinig na niya mula sa iba. But hearing it from her somehow brought peace in his heart and the feeling of acceptance. Nagawa ring pukawin ni Samantha ang protective instincts niya. She was far from being the usual damsel in distress. Ganunpaman, gusto pa rin niyang protektahan ito sa anumang makasasakit dito.

Katahimikan ang sumunod na naghari sa pagitan nila. Hanggang sa i-park niya ang kanyang kotse sa parking lot ng isang sikat na restaurant.

“Bakit dito?” Biglang nag-shift sa fighting mode ang dalaga.

Naaaliw na tinitigan niya ito. Hindi niya akalaing ganito ito kabilis magpalit ng mood, and deep down, he liked it!

“Anong bakit dito? May problema ba?”

“Problema? Kyle, puro sosyal ang nasa loob niyan! Tingnan mo nga ang hitsura ko!” she said in frustration.

Matamang tinitigan ni Kyle and dalaga. She was wearing the company's office uniform. Her smooth black hair braided into a french twist. She has light brown eyes, malantik at mahahaba ang pilikmata. He noticed the eyebags, which only gave her eyes that dreamy look. Expressive din ang mga mata nito, pero naitatago sa likod ng salaming suot nito. She looked so fresh without any makeup.

Bumaba ang tingin niya sa katawan nito. May kaluwagan ang palda nito pero kanina ay nahawakan niya ang maliit nitong baywang. He would bet his fortune that underneath that plain office uniform, this woman have the right curves at the right places.

Naiilang si Samantha sa paraan ng pagtitig sa kanya ni Kyle. Pakiramdam niya ay hinuhubaran na siya nito lalo na nang magtagal ang mga mata nito sa kanyang dibdib na para bang sinusukat ang cup size niya.

“Kyle!” pukaw niya rito.

“W-what?” Naipilig ng binata ang ulo. “Y-you look just fine. Halika na.” Ginagap pa nito ang kamay niya.

“P-pero, wala akong ibabayad diyan!”

“Don’t worry. Marunong ka naman sigurong maghugas ng pinggan,” biro nito.

Tinitigan niya ng masama ang lalaki, pero wala na siyang nagawa kundi ang magpatianod dito.

Several pairs eyed them with curiosity as they walked inside the restaurant. Iginiya siya ng binata sa isang pandalawahang mesa sa sulok na medyo kubli sa karamihan. She could not stop herself from looking around the place. It was so intimate and romantic.

“First time mo lang bang makapasok dito?” tanong ng binata matapos silang makaupo.

“Y-yes,” she said honestly.

“Better get used to this.”

“H-ha?” Nagulat siya sa sinabi nito. Ano kaya’ng ibig nitong sabihin? She wanted to ask him pero lumapit na sa kanila ang isang unipormadong waiter. Iniabot nito sa kanila ang menu. Pinaubaya na lang niya kay Kyle ang pag-order.

Matapos maibigay ng lalaki ang order nila ay magalang na nagpasalamat ang waiter at lumayo na. Ilang sandali lamang ay bumalik ito dala ang kanilang mga inumin. Ilang minuto pa ay dumating na ang in-order nilang pagkain.

“Okay ka lang? Bakit ang dami mong in-order, dalawa lang naman tayong kakain?” gulat na sabi ni Samantha.

“I told you I’m starving. Huwag mong sabihing on diet ka? You’re so thin!” puna nito sa katawan niya. Muling pinamulahan ng mukha ang dalaga at nakikita rin niyang nag-e-enjoy ang binata sa nakikitang pagkapahiya niya.

“Hindi ako on diet, ’no! For your information, hindi rin ako payat. ‘Slim’ ang tamang term dito,” pagtatama niya sabay irap.

Muling napabunghalit ng tawa si Kyle. She liked the sound of his laugh. Lalaking-lalaki. It made her warm all over.

“Let’s eat,” sabi na lang nito.

Maingat na sinara ni Samantha ang gate ng kanilang bahay. Nang subukan niyang pihitin ang seradura ng pinto ay natuklasan niyang bukas iyon.

Nakalimutan sigurong sarhan ni Mama. Mabuti na lamang at walang magnanakaw sa lugar nila. Ang kanilang lugar ay isang reclamation site sa may Parañaque. Pinalad na makakuha ang kanyang lola

ng kapirasong lupa rito nang i-award na ng local na pamahalaan ang lupa sa mga tao. Nakapagpatayo ito ng isang two-storey, two-bedroom apartment na ngayon ay tinitirhan nilang mag-ina.

Habang nila-lock ang pinto ay hindi mapigilan ni Samantha na balikan ang naging dinner nila ni Kyle. It was the happiest night of her life. Hindi niya akalaing mag-e-enjoy siya sa company nito. He was smart, funny and very romantic. At sa tuwing hindi sinasadyang magkakadikit ang kanilang mga katawan ay nararamdaman niya ang tila kuryenteng tumutulay sa bawat himaymay niya. Naalala pa niya ang huling pag-uusap nila.

“Ganyan ka ba talaga? I mean, you look so carefree. I can sense that you’ve been through worst times. How do you manage to see the brighter side of things sa kabila ng mga nangyari sa iyo? Iyong ibang tao, magiging bitter na. But not you,” sabi ni Kyle.

Napangiti si Samantha sa tanong nito. “Look around you, Kyle. Lahat ng taong makikita mo, gaano man kasaya, may mga problemang dinadala. Katulad din natin, sabi mo nga.” Saglit niyang pinagala ang paningin sa kabuuan ng restaurant. “We only have two choices in life. It’s either we accept everything, whether good or bad, and move on. Or we can wallow

in bitterness and be miserable for the rest of our lives. It's all up to us, Kyle.” Ilang sandaling nakatitig lamang ito sa kanya na wari ay ninanamnam ang mga sinabi niya. Nang mabasa ang paghanga sa mga mata nito ay tumalon sa tuwa ang puso niya.

Nagpilit itong ihatid siya nang lumabas sila ng restaurant pero tumanggi siya. In the end, nagkasya na lamang itong ikuha siya ng taxi.

Umakyat si Samantha sa ikalawang palapag ng bahay nila. Papasok na sana siya ng sariling silid nang marinig ang mga kaluskos at tinig mula sa katapat na silid. Iyon ang silid ng kanyang mama.

“Ay, ano ba! May kiliti ako diyan!”

“Ang bango-bango mo. Nakakabaliw ka talaga!”

Kaagad pumasok sa sariling kuwarto si Samantha. Hindi na siya bata para hindi mahulaan kung ano ang ginagawa ng kanyang mama at ng kung sinumang kasama nito. Mula nang mamatay ang kanyang lola ay madalas na nagdadala ito ng lalaki sa bahay nila. Balewala rito ang anumang nararamdaman niya.

Maraming ulit na sinubukan niyang kausapin ito ngunit lagi lamang itong nakasinghal sa kanya. Ganoon na ang ina mula pa noong bata siya. Pakiramdam tuloy niya ay hindi anak ang turing nito

So Wrong, So Right - Doreen Laroya

sa kanya. Ngunit ngayong gabi ay ayaw muna niyang isipin ang relasyon nilang mag-ina. Nagbihis siya at naglinis ng katawan. After saying her prayers, she slept. Napaginipan niya si Kyle nang gabing iyon.